# "HAMON SA PANAHON NG PANDEMYA"

*By:*
**Melanie D. Francisco**
*Teacher III, Limay Elementary School*

Sa panahon ng pandemya maraming mga pagsubok ang ating kinaharap, bata o matanda lahat ay apektado, at isa na dito ang edukasyon.

Ano-ano ang mga suliranin o pagsubok na ating kinaharap? Paano natin ito napaglabanan at napagtagumpayan? Naging madali o mahirap ba sa atin bilang guro?

Sa panimula pa lamang ng pandemya, ramdam na kaagad natin ang malaking epekto sa edukasyon, biglaang "lock down" sa lahat ng paaralan, walang naganap na "face to face" na pagkilala at pagtatapos ng ating mahal na mga mag-aaral, ngunit hindi tayo nagpatalo. Sabi nga natin, pandemya ka lang guro kami. Ang ilan sa ating mga guro ay gumamit ng teknolohiya upang mapanood ng mga magulang at mag-aaral ang simpleng pagdaraos nito sa pamamagitan ng video presentation o "Virtual Graduation Program" na maaring mapanuod sa mga social media tulad ng "Facebook at YouTube".

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay humikayat ng mga guro sa pamamagitan ng mga 'webinar" upang matutunan ang tamang proseso ng pagsulat ng modyul na maaring gamitin ng mga mag-aaral sa panahon ng pandemya. Ito ang magsisilbing gabay upang matutunan ang bawat aralin kahit na sila ay nasa kani – kanilang tahanan. Nagtulungan ang mga guro at mga magulang upang mapagtagumpayan ito, sa pamamagitan ng ibat-ibang paraan ng komunikasyon at teknolohiya.

Upang lubos na magkaroon ng ugnayan ang bawat mag-aaral at guro, nagkaroon din ng ibat-ibang paraan ng pagkatututo, "modular learning, online distance learning o blended learning. Gumamit din ng iba't-ibang 'platform' tulad ng zoom, google meet at iba pa na maaring gamitin sa pagtuturo at pagkatuto.

Ang ating mga guro ay hindi tumitigil sa pagkatuto upang maibahagi ang mga kaalaman sa ating mga mahal na mag-aaral. Lumahok sa iba't ibang Webinar upang lalong matutunan ang iba't ibang paraan ng pagtuturo na maaring ibahagi sa mga mag-aaral, kapwa guro at mga magulang. Naglaan ng kanilang oras, talino at lakas upang magampanan ang mga tungkulin o responsibilidad na nakaatang sa aming balikat. Hindi naging madali, ngunit hindi sumuko sa hamon. Sabay – sabay natin itong pinaglalabanan at pinagtatagumpayan.

*References:*

Dapadap, K., & Gayapa, J. (2022). Edukasyon sa Panahon ng Pandemya: Mga Hamon at Hinaharap. Retrieved 11 April 2022, from https://manilatoday.net/edukasyon-sa-panahon-ng-pandemya-mga-hamon-at-hinaharap/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan